# Tunay na kabilang sa pinakadakilang pakikibaka ang isang pangungusap ng katarungan sa harap ng isang pinunong mapang-api."}

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Tunay na kabilang sa pinakadakilang pakikibaka ang isang pangungusap ng katarungan sa harap ng isang pinunong mapang-api."}
[Maganda dahil sa iba pa rito] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kabilang sa pinakadakila at pinakakapaki-pakinabang sa mga uri ng pakikibaka sa landas ni Allāh (napakataas Siya) ay ang isang pangungusap ng katarungan at katotohanan sa harap ng isang pinuno o isang prinsipeng mapang-api dahil ito ay paggawa ng tungkulin ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama, maging ito man ay sa pagsasabi o pagsusulat o paggawa o iba pa rito na kabilang sa anumang natatamo sa pamamagitan nito ang kaayusan at naitutulak ang kaguluhan.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee